

CalRx® Insulin Glargine

Mga Madalas Itanong (Mga FAQ)



Ano ang CalRx® Insulin Glargine at bakit ito naiiba?

Ang CalRx® Insulin Glargine ay isang murang, biosimilar, at pangmahabang-epekto na insulin na ginawa sa ilalim ng inisyatibo ng estado ng California upang gawing mas abot-kaya ang mga mahahalagang gamot. Ang CalRx® Insulin Glargine ay itinalagang mapagpapalit, ibig sabihin ay kapareho ito ng pamantayang produkto, ang Lantus®. Maaaring palitan ito ng iyong parmasyutiko ng mga kwalipikadong produktong insulin na pangmatagalan ang epekto nang hindi nangangailangan ng bagong reseta.

Paano ako lilipat sa CalRx® Insulin Glargine mula sa ibang insulin?

Maraming mga pasyente ang maaaring lumipat mula sa ibang mga produktong insulin na pangmatagalan ang epekto nang hindi nangangailangan ng bagong reseta. Maaaring kumpirmahin ng iyong parmasyutiko ang pagiging kwalipikado. Ang pagpapalit ay dapat lamang gawin sa ilalim ng pangangasiwa at pagsubaybay ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang maiwasan ang mga isyu sa pagkontrol ng asukal sa dugo.

Kailangan ko ba ng bagong reseta?

Hindi. Ang CalRx® Insulin Glargine ay itinalagang mapagpapalit, ibig sabihin ay kapareho ito ng pamantayang produkto, ang Lantus®. Maaaring palitan ito ng iyong parmasyutiko ng mga kwalipikadong produktong insulin na pangmatagalan ang epekto nang hindi nangangailangan ng bagong reseta.

Gagana ba ito pareho sa Lantus®?

Oo. Ito ay sumusunod sa parehong mga pamantayan ng FDA at ipinakita sa mahigpit na pagsusuri na kasing epektibo at ligtas.

Magkano ang halaga ng CalRx® Insulin Glargine?

Ang pinakamataas na presyong tingian para sa CalRx® Insulin Glargine ay \$55 para sa isang 5-pakete ng 3 mL na panulat, bagaman maaaring mas mababa ang iyong mga gastos kung bibili sa pamamagitan ng seguro.

Maaari ba akong bumili ng kahit isang CalRx® Insulin Glargine pen sa halagang \$11?

Hindi. Ang CalRx® Insulin Glargine ay mabibili lamang bilang 5-pack ng 3 mL na panulat sa pinakamataas na presyong tingian na \$55, na may karaniwang halagang \$11 bawat panulat.

CalRx® Insulin Glargine



Mga Madalas Itanong (Mga FAQ)

Kailan makukuha ang CalRx® Insulin Glargine sa mga vial?

Ang tagagawa ng insulin ng CalRx, ang Civica®, ay patuloy sa mga pagsisikap nito na malayang makagawa ng mga vial at panulat ng insulin glargine sa ilalim ng label na CalRx®. Maganda ang progreso ng Civica, at nananatiling nakatuon ang Estado ng California sa pagtiyak na magtatagumpay ang inisyatibong ito.

Bakit ito kailangan?

Maraming taga-California—lalo na iyong mga walang seguro o iyong mga may matataas na deductible—ang nahihirapan pa ring bumili ng insulin. Tinutulungan ng CalRx® Insulin Glargine na matiyak na walang sinuman ang kailangang laktawan o bawasan ang insulin dahil sa gastos.

Mapipilitan ba akong lumipat?

Hindi. Anumang desisyon na lumipat ay dapat gawin sa pakikipagtulungan ng iyong koponan ng pangangalaga. Ang CalRx ay nagbibigay ng isa pang ligtas, epektibo, at abot-kayang pagpipilian.

Sakop ba ng aking seguro ang CalRx® Insulin Glargine?

Ang CalRx® Insulin Glargine ay nilayong maging madaling makuha ito hangga't maaari. Kung mayroon kang seguro, maaaring sakop ang CalRx® Insulin Glargine bilang generic o biosimilar na alternatibo sa ibang mga insulin. Sumangguni sa pormularyo ng iyong plano upang kumpirmahin kung ito ay nakalista bilang isang sakop na gamot.